
GRADES 1 to 10 DAILY LESSON LOG	School:	Visit DepEdResources.com for More	Grade Level:	V
	Teacher:		Learning Area:	EPP
	Teaching Dates and Time:	JULY 29 – AUGUST 2, 2024 (WEEK 1)	Quarter:	1ST QUARTER

	MONDAY	TUESDAY	WEDNESDAY	THURSDAY	FRIDAY
LAYUNIN					
A. Pamantayang Pangnilalaman	naipamamalas ang pang-unawa sa kaalaman at kasanayan sa mga “gawaing pantahanan” at tungkulin at pangangalaga sa sarili				
B. Pamantayan sa Pagaganap	naisasagawa ang kasanayan sa pangangalaga sa sarili at gawaing pantahanan na nakatutulong sa pagsasaayos ng tahanan				
C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan)	1Nagagampanan ang tungkulin sa sarili sa panahon ng pagdadalaga o pagbibinata **EPP5HE- 0a-1**/ Page 20 of 41	2 Naipaliliwanag ang mga pagbabagong pisikal na nagaganap sa sarili sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata 1.2.1 Natutukoy ang mga pagbabagong pisikal sa sarili tulad ng pagkakaroon ng tagiyawat, pagtubo ng buhok sa iba’t ibang bahagi ng katawan, at labis na pagpapawis		Natatalakay ang mga paraang dapat isagawa sa panahon ng pagbabagong pisikal **EPP5HE-0a-2**/ Page 20 of 41 Pangangalaga sa Sarili sa Panahon ng Pagreregla at Pagtutuli	
I. NILALAMAN	Tungkulin sa Sarili sa Panahon ng Pagdadalaga o Pagbibinata	Pagbabagong Pisikal sa Panahon ng Pagdadalaga at Pagbibinata			
KAGAMITANG PANTURO					
A. Sanggunian					
1. Mga pahina sa Gabay ng Guro	TG /Week 1	TG /Week 1	TG /Week 1	TG /Week 1	
2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral	K to 12 Curriculum Guide 2013-EPP5HE-0a-1 MISOSA EPP 5-Self-Instructional Materials	K to 12 Curriculum Guide 2013-EPP5HE-0a-2 MISOSA V: Pangkalinisan at Pangkalusugan sa Pagdadalaga at Pagbibinata			
3. Mga pahina sa Teksbuk	Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan Ana B. Ventura at Evelyn D. Deliarte pahina 1-2	Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan Ana B. Ventura at Evelyn D. Deliarte Pahina 8-12			
4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource					

B. Iba pang Kagamitang Panturo	Larawan ng nagdadalaga at nagbibinata, mga kagamitan sa paglilinis ng sarili, sanitary napkin, Venn diagram at Pyramid	Salamin, halimbawa ng isang scrapbook, metacard Video clip ng batang babae/lalaki mula sa pagiging sanggol hanggang paglaki	Larawan ng babae/lalaki na naglilinis ng katawan at nag-aayos sa sarili, tsart ng reproductive system, video clip o larawan ng menstrual cycle
II. PAMAMARAAN			
A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin	Kung ang kaisipang isinasaad sa bawat bilang ay tama, isulat ang paliwanag sa sagot sa ilalim ng tama. Kung ang kaisipang isinasaad ng bawat bilang ay mali, isulat ang paliwanag mo sa ilalim ng mali. <u>Tama Kaisipan Mali</u> 1.Maligo ng mabilis araw-araw kung may regla 2.Tanggapin na may pangamba ang pagbabagong nagaganap sa saril 3.Masamang kumain ng maasim kung may regla o bagong tuli 4.Magpalit ng pasador tuwing ikatlo o ikaapat na oras o kung kinakailangan. 5.Dalasan ang paghihilamos upang maiwasan ang pagkakaroon ng tagihawat.	PANIMULANG PAGTATAYA: Ipasagot sa sulatang papel ang mga sumusunod. Isulat ang Babae kung ang pagbabago ay nagaganap sa babae at ang salitang Lalaki kung ito ay sa lalaki nagaganap. Isulat ang Pareho kung sa babae at lalaki nagaganap ang mga pagbabago. 1.Pagreregla 2.Paglaki ng balakang 3.Pagtubo ng bigote at balbas 4.Paglapad ng balikat 5.Paglaki ng dibdib 6.Pagtubo ng adam's apple 7.Pagtubo ng balahibo sa kilikili 8.Pagbabago ng boses 9.Pagtubo ng buhok sa dibdib at binti 10.Nagiging maayos sa sarili o palaayos 1. Balik-aral Pangkatin ang klase sa dalawa Pangkat 1 Magbigay ng mga pamamaraan sa wastong pangangalaga sa kalinisan ng katawan sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata. Pangkat 2 Sa pamamagitan ng kilos ipakita sa klase ang tungkulin sa sarili sa panahon ng nagdadalaga o nagbibinata	PANIMULANG PAGTATAYA: Piliin ang di-kasali sa grupo. Ipaliwanag ang iyong sagot. 1. Sanitary napkin tissue panty Pasador 2. Menstrual cycle menopause dysmenorrhea Gland 3. Sperm cell Bahay bata itlog Obaryo 4. shampoo Nail cutter sabon Labakara 5. doktor nurse dentista midwife 1.Balik-aral Pangkatin ang klase. Paramihan ng isusulat ang bawat pangkat a. Pagbabago sa isang babae sa panahon ng pagdadalaga b. Pagbabago sa isang lalaki sa panahon ng pagbibinata Pag – uulat ng grupo. Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more
B. Paghahabi sa layunin ng aralin	PAMARAAN: A. PAGGANYAK Tumawag ng isang babae at lalaking mag-aaral na mukhang nagdadalaga na at nagbibinata na at patayuin sa harapan ng klase. Itanong ang mga sumusunod: 1.Paano mo ilalarawan ang iyong kamag-aral?	2. Panonood ng video clip ng batang babae/lalaki mula pagiging sanggol hanggang lumaki. (magdownload sa YOUTUBE) Itanong: Paghambingin ang kaibahan ng isang sanggol sa bata, nagdadalaga/ nagbibinata.	2. Ipakita ang larawan ng babae/lalaki na naglilinis ng katawan at nag-aayos ng sarili o panonood ng video clip. Itanong: Bakit mahalaga ang kalinisan ng katawan sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata?

	2.May pagbabago ba sa kanilang pisikal na anyo? 3.Bakit kailangan mong mapanatili ang kalinisan ng iyong sarili ngayong kayo ay nagdadalaga na at nagbibinata na?			
C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin	PAGLALAHAD Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang edad. Bigyan ng Activity Card ang bawat pangkat nasasagutin ang mga tanong na ito: Ano-ano ang mga pagbabagong nagaganap sa iyong sarili? Paano mo napapanatili ang kalinisan ng iyong katawan? Ipabasa ang Alamin natin sa LM.	B. PAGLALAHAD Ipabasang muli ang ang liham ng anak sa kanyang ina at ang sagot ng ina sa kanyang anak. Itanong: Sino sa inyo ang may napansin o naramdamang pagbabago sa sarili/katawan? Ano-ano ang mga yaon? Ano ang iyong pakiramdam? Ipabasa ang Alamin Natin.	B. PAGLALAHAD Talasalitaan Sperm cell – sihay-punlay galing sa lalaki Menstrual cycle – buwanang bilang ng pagdaloy ng dugo sa panahon ng pagreregla Dysmenorrhea- pamimintig ng puson o pagkirot nito tuwing magkakaroon ng regla ang babae Menopause – hudyat ng paghinto ng pagreregla sa gulang na 45 pataas Ipakita sa mga mag-aaral ang reproductive system at magkaroon ng talakayan tungkol dito.	
D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1	. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN 1.Talakayin ang Linangin Natin sa LM. pahina___ 2.Pangkatin ang klase. 3.Pasagutan ang mga sumusunod na tanong gamit ang Venn Diagram at Pyramid I.Sa pamamagitan ng Venn Diagram paghambingin mo ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pisikal na pagbabago sa isang nagdadalaga at nagbibinata. 	C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN 1. Pag-aralan at Talakayin ang Linangin Natin sa LM. pahina ____ 2. Pangkatin ang klase. 3. Pasagutan ang mga tanong sa metacard. Pangkat 1- Ano-anong pagbabagong pisikal ang nakikita sa nagdadalaga? Ipaliwanag ang sanhi nito? Pangkat 2- Ano-anong pagbabagong pisikal ang nakikita sa nagbibinata? Ipaliwanag ang sanhi nito? 4. Pag-uulat ng grupo.	Talakayin ang Alamin Natin sa LM. pahina ____	

E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2	II.Kung ikaw ay nagdadalaga na isulat mo sa Pyramid A ang mga pangkalinisan at pangkalusugan gagawin mo sa panahon ng pagre-regla at kung ikaw naman ay nagbibinata, isulat mo sa pyramid B ang pangkalinisan at pangangalagang gagawin sa panahon ng iyong pagtutul Pyramid A Pyramid B			C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN 1. Pag-aralan at Talakayin ang Linangin Natin sa LM. pahina ____ 2. Pangkatin ang klase. 3. Bigyan ng Manila paper at pentel pen. 4. Hayaang magpalabunutan ang pangkat sa Activity Cards ng mga gawain bilang sagot sa mga sumusunod: a. Paano dapat pangalagaan ang pagkababae? b. Bakit kailangang malaman ang menstrual cycle ng mga babae? c. Bakit kailangang magpatuli ang mga lalaki? d. Ano-ano ang tamang paraan ng pangangalaga sa bagong tuli? 5. Pag-uulat ng bawat pangkat.	
F. Paglinang sa Kabihasan (Tungo sa Formative Assessment)	4.Pag-uulat ng pangkat. 5.Pagpapakita ng tamang tungkulin sa sarili sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata				
G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay	Bakit mahalagang matutunan ang tamang paraang pangkalinisan at pangkalusugan sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata?	D.PAGSASANIB Ano ang sanhi ng mga pagbabagong pisikal na nagaganap sa sarili sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata?		D.PAGSASANIB Itanong: Ano-ano ang mga paghahandang gagawin mo sa pagbabagong pisikal na magaganap sa buhay mo?	
H. Paglalahat ng Arallin	PAGLALAHAT Paano mo mapangangalagaan ang iyong sarili sa panahon ng iyong pagdadalaga o pagbibinata?	PAGLALAHAT Ano-ano ang mga pagbabagong pisikal na nagaganap sa isang nagdadalaga/nagbibinata		E. PAGLALAHAT Ang mga pagbabago sa pangangatawan ng mga nagdadalaga at nagbibinata ay tanda ng pagdagdag ng gulang at paglaki ng isang bata sa pagiging binata o dalaga. Maging handa sa pagdating ng regla at ganun din sa mga magpapatuli. Ugaliin ang pagsasagawa ng mga pamamaraang pangkalinisan sa saril.	
I. Pagtataya ng Aralin	Ipagawa ang Gawin Natin sa LM. pahina _____	Pasagutan ang Gawin Natin sa LM. Pahina____	Ipagawa ang Pagyamanin Natin sa LM. pahina _____	Pasagutan ang Gawin Natin sa LM. Pahina____	Ipagawa ang Pagyamanin Natin sa LM.pahina_____
J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation	Ipagawa ang Pagyamanin Natin sa LM. pahina_____ Mag-interview ng magulang, kapatid, nurse, o kapitbahay at itanong kung paano nila inalagaan ang kanilang sarili noong panahon	Ipakita sa mga bata ang halimbawa ng isang scrapbook na kanilang gagawin.			

	ng pagdadalaga o pagbibinata.				
III. Mga Tala					
IV. Pagninilay					
A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya					
B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation					
C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin					
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation					
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?					
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?					
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?					